Republic of the Philippines
**Department of Education**
**NATIONAL CAPITAL REGION**
**Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City**

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# FILIPINO GRADE 7

## MANAGEMENT AND DEVELOPMENT TEAM

| | |
|---|---|
| **Pangkat sa Pagbuo ng Modyul:** | |
| Manunulat | : Eloisa I. Zulueta, T III |
| Tagapaglapat | : Alma N. Dimapilis, MT 1 |
| Patnugot sa Nilalaman | : Museta DR Dantes, PSDS<br>Liezl M. Evangelista, HT VI |
| **Pangkat Tagapamahala:** | |
| Panrehiyong Direktor | : Malcolm S. Garma, Director IV |
| Tagapamahalang ng mga Paaralang Sagay | : Maria Magdalena M. Lim, CESO V |
| Tagapamuno ng CLMD | : Genia V. Santos |
| Tagapamuno ng CID | : Aida H. Rondilla |
| Panrehiyong Suprebisor (EPS- Learning Area) | : Gloria Tamayo, EPS |
| Panrehiyong Superbisor sa EPS-LR | : Dennis M. Mendoza |
| Pandibisyong Superbisor (EPS- Learning Area) | : Edwin Remo Mabilin |
| Pandibisyong Superbisor sa EPS-LR | : Lucky S. Carpio |
| Panrehiyong Biblyotekaryo | : Nancy M. Mabunga |
| PDO II | : Albert James P. Macaraeg |
| Pandibisyong Bibliyotekaryo II | : Lady Hannah C. Gillo |



**Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.**

# Aralin 1 — Pangunahin at Pantulong na Kaisipan

## Inaasahan

*Ang modyul na ito ay binuo para sa iyong pangkaisipang pag-unlad sa tulong ng mga kasanayan at kaalamang iyong matututuhan. Kaya ibigay mo ang lahat ng iyong makakaya at maging tapat sa pagsagot ng mga gawain.*

Sa pagtatapos ng aralin, ikaw ay inaasahang:

- Naibubuod ang tekstong binasa sa tulong ng pangunahin at mga pantulong na kaisipan

## Unang Pagsubok

*Sa pagsisimula, atin munang subukin ang iyong nalalaman sa aralin.*
**Panuto**: Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat ito sa iyong kwaderno.

1. Ang ________ ay tumutukoy pinaikling bersyon ng orihinal at ipinahahayag sa sariling pananalita ng gumawa nito
   A. kaisipan C. pangungusap
   B. buod D. diwa
2. Kapag ang pangunahing kaisipan ay nasa huling talata, kadalasang ito ay:
   A. kongklusyon C. pagsasalaysay
   B. pagpapakilala sa paksa D. pagsuporta sa paksa
3. Ang pantulong na kaisipan ay dapat ___________________________________.
   A. mahabang paliwanag ukol sa paksa
   B. tumutukoy sa pangunahing diwa ng talata
   C. naglalaman ng mga pinakamahalagang diwa sa talata
   D. may pagpapaliwanag kaugnay sa pangunahing diwa ng talata
4. Sa pangunahing kaisipan makikita ang pinakadiwa ng isang talata. Ang pangungusap ay ______.
   A. mali C. tama
   B. palagay D. opinyon
5. Sa isang ____________ matatagpuan ang pangunahing kaisipan at pantulong na detalye.
   A. pangungusap C. salita
   B. tula D. talata



Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.

## Balik-tanaw

*Sa nakaraang aralin, iyong natutuhan ang mga salitang hudyat sa panimula, gitna at wakas. Narito ang isang gawain upang masubok muli ang kasanayang iyong natutuhan.*

**Panuto:** Piliin sa kahon ang mga salitang-hudyat na angkop para sa bawat pangungusap. Isulat sa kwaderno ang sagot.

1. __________, malaya tayong nakalalabas ng bahay anumang oras natin naisin. 2. __________, binibisita natin ang ating mga kaibigan at mga mahal sa buhay, bumibili tayo ng ating pangangailangan sa tindahan o pumapasok tayo sa eskuwela na wala tayong inaalala. Ngunit iba na ang panahon natin. 3. __________, ibayong ingat ang kailangan natin bago lumabas. Kailangan may suot na *face mask* at *face shield*. Ipinagbabawal ang paglabas ng mga batang edad 21 pababa at mga matatandang 60 pataas. 4. __________, may curfew na tayo.
5. ________, pinakamabuti na iwasan nating gumala para sa ating kaligtasan.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Isa pa | Dati-rati | Sa huli | Ngayon | Minsan |

## Maikling Pagpapakilala ng Aralin

*Basahin at unawain ang teksto.*

**Paggamit ng Filipino sa pagbibigay-alam sa COVID-19 hinimok ngayong Buwan ng Wika**

ABS-CBN News

Posted at Aug 01 2020 12:47 PM

MAYNILA - Ngayong ipinagdiriwang ang Buwan ng Wika sa pagpasok ng Agosto, hinimok ng isang opisyal ng Komisyon ng Wikang Filipino na gamitin ang mga wika sa Pilipinas para magbigay-kaalaman tungkol sa coronavirus disease 2019 (COVID-19).

"Ang mahalaga po rito ay magamit ang wikang Filipino sa panahon ng pandemya kasi alam nating mga kababayan na talagang naghihirap tayo sa mga nangyayari ngayon," ani KWF commissioner Arthur Casanova sa Laging Handa briefing Sabado.

Isinasalin ng komisyon ngayon sa mga katutubo at regional na wika ang mga impormasyong nakakalap tungkol sa coronavirus, ayon kay Casanova.

"Patuloy pa rin pong isinasagawa ang pagsasalin na 'yan. Naghihintay po kami ng kahilingan sa mga gusto nilang infographics na maisalin sa wikang Filipino at ibang katutubong wika," ani Casanova.


Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.

Sa ngayon, ayon kay Casanova, naisalin na nila sa 10 wika ang mga infographic na may kinalaman sa corona virus at nakikipag-ugnayan sila sa mga katuwang na ahensiya para mapalaganap ito.

Kaakibat aniya ito ng kanilang tema sa papasok na Buwan ng Wika, na hinihimok ang paggamit ng wikang Filipino para magbigay-kaalaman tungkol sa COVID-19 pandemic.

"Gamitin ang wikang Filipino, kasabay ng paggamit ng iba pang katutubong wika sa kani-kanilang lugar para mas mapabilis at higit na maunawaan ang mga impormasyon at kabatiran hinggil sa pandemya," paghihikayat ni Casanova.


**- Ulat ni Angela Coloma, ABS-CBN News**

*Mula sa:* https://news.abs-cbn.com/news/08/01/20/paggamit-ng-filipino-sa-pagbibigay-alam-sa-covid-19-hinimok-ngayong-buwan-ng-wika

## Mga Gawain

*Lubos mo bang naunawaan ang teksto? Ngayon ay iyong sagutan ang mga gawaing makatutulong sa paglinang ng bagong kasanayan.*

**Gawain 1: Pagsusuri sa Akda**
**Panuto:** Itala ang mahahalagang kaisipan na iyong natutuhan sa binasang balita gamit ang "concept map." Isulat ang sagot sa kwaderno.






Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.

**Gawain 2: Pagkilala sa Mahahalagang Kaisipan**

**Panuto:** Mula sa nilalaman ng binasang artikulo, ibigay ang mahalagang kaisipan na ibinahagi. Pagkatapos, ilagay sa kahon ang pantulong na kaisipan.

Pangunahing kaisipan
- Pantulong na kaisipan
- Pantulong na kaisipan
- Pantulong na kaisipan
- Pantulong na kaisipan

## Tandaan

*Mahalagang nauunawaan natin ang mga tekstong ating binabasa. Mahalaga rin na ating naibabahagi ang mga tekstong ito upang makapagbigay ng kaalaman sa iba. Iba ang kasiyahang hatid ng pagbabahagi ng ating nalalaman lalo na kung naibabahagi natin ang mga kaisipan nang tama sa sarili mong pamamaraan.*

Naranasan mo na bang manood ng isang napakagandang nobela at dahil sa iyong labis na pagkasabik na basahin din ito ng iba, ibinahagi mo ang kuwentong ito sa iyong social media page? O kaya naman, hindi napanood ng iyong ina ang paborito niyang teleserye at ikinuwento mo sa kanya ang bahaging nakaligtaan niyang panoorin?

Ang **pagsasalaysay o pagbabahagi ng mga mahahalagang datos, impormasyon o kuwento sa sariling pamamaraan mula sa napanood, narinig o nabasa** ay tinatawag na **pagbubuod**.

Napakahalaga na sa proseso ng panonood, pakikinig at pagbabasa, binibigyan natin ng atensyon at inuunawang mabuti ang mga nilalaman ng mga ito. Minsan nga'y kinakailangan pa nating itala ang mga mahahalagang kaisipan. Kapag naitala na ang mga ito, inaalam natin ang pangunahing kaisipan at mga pantulong na kaisipan nito. Mula rito, inoorganisa natin ang mga kaisipan upang makabuo ng isang maayos na pagbubuod.

Bilang paalala, isinusulat nang patalata ang isang buod. Bawat talata ay patungkol sa iisang paksa lamang.



Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.

*Ngayong alam mo na ang kahulugan ng pagbubuod, palalimin naman natin ang ating kaalaman sa pamamagitan ng pagtalakay sa pangunahin at pantulong na kaisipan.*

**ANG PANGUNAHIN AT PANTULONG NA KAISIPAN**

*Sa pagpapahalaga sa iba't ibang akda, dapat nauunawaan nating mabuti ang mga kaisipang ipinababatid nito.*

*Gaya ng nabanggit na, isang paraan upang maging malinaw ang pagbubuod ay ang pagtatala ng mga kaalamang natamo sa panonood, pakikinig o pagbabasa. Matapos ang pagtatalang ito, maaaring basahing muli ang mga tala at suriin ang mga kaisipan ayon sa kahalagahan nito sa kabuuan ng akda. Maaaring ang kaisipan ay:*


***Pangunahing kaisipan*** - Ang pinakamahalagang kaalaman o ideya ng akda. Nasa pamaksang pangungusap ang pangunahing kaisipan. Ito ang pangungusap na tila nagtatali sa lahat ng mga kaalamang ibinahagi sa buong talata.

***Pantulong na kaisipan*** - Ang mga mahahalagang kaisipan na pagpapaliwanag, pansuporta o pagpapatunay na pahayag sa pangunahing kaisipan.

## Pag-alam sa mga Natutuhan

*Lubos mo bang naunawaan kung ano ang buod at paano malalaman kung ano ang pangunahing kaisipan at pantulong na kaisipan? Kung gayon, ating alamin ang iyong mga natutuhan sa pamamagitan ng pagsagot sa mga gawain.*

**Gawain 1: Ibuod mo!**
**Panuto:** Bumuo ng buod mula sa isang kuwentong -bayan na iyong binasa. Gumamit ng mga salitang hudyat ng simula, gitna at wakas. Gawin ito sa kwaderno.



*https://cdn.pixabay.com/photo/2012/04/15/17/58/scroll-34696__180.png*



Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.

**Gawain 2 : Hanap-Kaisipan**

**Panuto:** Basahin at unawain ang mga kaisipan sa ibaba. Piliin ang pangunahing kaisipan. Pagkatapos, isulat sa kwaderno ang buod nito batay sa inyong sariling paghatol kung paano ito dapat isulat nang maayos. Lagyan din ng angkop at nakahihikayat na pamagat.

Sadyang buhay na buhay sa mga Pilipino ang kultura ng pagtutulungan.


Pero sa pamilya, ang pagtutulungang ito ay talagang hindi mawawala.

Kahanga-hanga na hindi nawawala sa atin ang diwa ng bayanihan.

Maging sa lebel ng komunidad, kapansin-pansin ang pagtutulungang ito kahit sa maliit na paraan – pagbibigay ng pagkain sa kapitbahay na kinakapos o pagtugon sa mga pinakukusuyo gaya pagpapalit ng ilaw na napundi.

Tayong mga Pilipino ay nagpapaabot ng tulong pinansyal, magbibigay ng kagamitan o di kaya naman ay nagboboluntaryo sa mga gawain upang matulungan ang mga biktima ng kalamidad.

Matingkad natin itong mapupuna lalo na sa panahon ng kalamidad at ngayon ngang pandemya.




https://cdn.pixabay.com/photo/2012/04/15/17/58/scroll-34696__180.png



Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.

## Pangwakas na Pagsusulit

**Panuto**: Isulat sa kwaderno ang PU kung ang pangungusap ay isang pangunahing kaisipan at PT naman kung ito ay pantulong na kaisipan.

1. Ngunit, bago tayo makapagbuod, dapat nabasa at naunawaan muna natin ang akda o teksto.
2. Isa pa, kailangang marunong tayong magsuri kung ano ang mahahalagang kaalamang ibinahagi sa kuwento.
3. Isang mahalagang kasanayan na dapat nating matutuhan ay ang pagbubuod.
4. Alam ko namang ang kayamanang ito ay biyaya ng Panginoon.
5. Kapag yumaman ako, malaking bahagi ng aking kayamanan ay ilalaan ko upang tumulong sa aking kapwa.
6. Marapat lamang na ibalik ito sa mga kapatid nating nangangailangan,
7. May bahagi rin na ilalaan ko sa aking pamilya at nasa kanila na kung paano nila ito pagyayamanin.
8. Ang pagtitiwala sa Panginoon ang talagang magpapalakas at magpapatibay sa atin.
9. Kaya manatili tayong nananalig na hindi Niya tayo pababayaan.
10. Punong-puno tayo ngayon ng mga pagsubok na sadyang sumusubok sa ating pananampalataya.

## Papel sa Replektibong Pagkatuto

**Panuto:** Sa pamamagitan ng "like, comment, share," ilagay ang iyong saloobin sa naging pagtalakay sa aralin.

Naibigang gawain sa modyul

Isang salitang tumimo sa isipan ukol sa aralin

Kaisipang nais ibahagi kaugnay ng tinalakay sa modyul



Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.

## Sanggunian


- MELCs sa FILIPINO 7 - Nasusuri ang isang dokyu-film batay sa ibinigay na mga pamantayan (F7PD-Id-e-4)
- https://www.coursehero.com/file/50468036/Pangunahing-Ideya-at-Pantulong-na-Kaisipandocx/
- https://prezi.com/gnabq9trazul/pagkuha-ng-pangunahin-at-pantulong-na-ideya/
- https://www.slideshare.net/cli4d/ang-pangunahing-paksa-at-mga-pantulong-na-detalye
- https://www.slideshare.net/31mikaella/pamaksa-at-pantulong-na-pangungusap
- https://www.coursehero.com/file/28758208/Buoddocx/
- https://news.abs-cbn.com/news/08/01/20/paggamit-ng-filipino-sa-pagbibigay-alam-sa-covid-19-hinimok-ngayong-buwan-ng-wika
- https://cdn.pixabay.com/photo/2012/04/15/17/58/scroll-34696__180.png


## Susi sa Pagwawasto

Unang Pagsubok

1. B
2. A
3. D
4. C
5. D

Balik-tanaw

1. Dati-rati
2. Minsan
3. Ngayon
4. Isa pa
5. Sa huli

Pangwakas na Pagsusulit

| | |
|---|---|
| 1. PT | 6. PT |
| 2. PT | 7. PT |
| 3. PU | 8. PU |
| 4. PT | 9. PT |
| 5. PU | 10. PT |